# *Gantimpala para sa Paghahasik ng Mabuting Binhi*

***“5 Sila na nagsisipaghasik na may luha ay magsisiani na may kagalakan. 6 Siyang lumalabas at umiiyak, na nagdadala ng binhing itatanim; siya'y di sasalang babalik na may kagalakan, na dala ang kaniyang mga tangkas.” (Awit 126:5-6 KJV)***

Ang paghahasik ay ang panahon ng paghihinagpis at kalungkutan, dahil ang mga magsasaka at ang mga kasama sa pagtatanim ay inilalagay ang lahat ng mayroon sila mula puhunan sa ilalim ng lupa. Ang lahat ng mayroon sila ng binhi at pampataba upang ihanda ng lupa ay wala sa kanila kundi nasa ilalim ng lupa, kaya nabubuhay sila sa inaasahang makakakuha ng isang bagay mual sa mga bagay na inilagak nila sa mga bukirin.

Ang pamumuhay sa buhay na ito para sa Dios at gawin ang kanyang kalooban ay katulad ng pagtatanim ng mabuting butil; inilalagak nila ang lahat ng iyong puhunan at kun anong mayroon ka para sa Kanya. Si Jesus ay nagmula sa Langit; Ipinamuhay Niya ang Kanyang buhay para sa Dios ginagawa ang kalooban ng Dios. Ibinigay Niya ang kanyang buhay para sa lahat ng sangkatauhan; Namatay Siya sa krus para sa ating mga kasalanan, Inilibing Siya at nabuhya mula sa mga patay noong ikatlong araw upang dalhin tayo sa Dios at bigyan tayo ng buhay na walang hanggan. Ang buhay ni Jesus ay katulad ng mabuting binhi na itinanim sa ilalim ng lupa sa pamamagitan ng kamatayan Niya sa krus, at kalauana’y nabuhay mula sa kamatayan upang dalhin ang kaligtasan sa sangkatauhan at malaking ani para sa Dios, Sinalita ni Jesus ang tungkol doon nang sinabi Niya, ***“24 Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Maliban ang butil ng trigo ay mahulog sa lupa at mamatay, ay natitira siyang magiisa; nguni't kung mamatay, ay nagbubunga ng marami.” (Juan 12:24 KJV)***

Ang ating buhay ay dapat maihasik sa buhay na ito tulad ng inialay ni Jesus ang Kanyang buhay sa Dios, ***“15 At siya'y namatay dahil sa lahat, upang ang nangabubuhay ay huwag nang mabuhay pa sa kanilang sarili, kundi doon sa namatay dahil sa kanila at muling nabuhay.” (2 Corinto 5:15 KJV)*** Sa paghahasik ng ating buhay sa Dios napapalooban nito ng sumusunod:

***I. Pagsuko sa makasalanang buhay:*** * Habang lumalapit tayo sa Panginoon at namumuhay para sa Kanya, kailangan nating isuko ang buhay ng kasalanan. Isinasantabi ang lahat ng ating kahinaan at lumalayo sa makamundong buhay patungo sa kabanalan at pagkadiyos. * Ang pagsuko ay kinapapalooban ng pagsuko sa ating sariling ambisyon, pagiging makasarili, at sariling mga plano at kagustuhan at pagtanggap sa plano at kalooban ng Dios sa ating buhay. * Ang pagsuko ay kinapapalooban ng pagsuko sa ating masamang gawi, walang-halagang kaugalian at tradisyon ng kultura at lipunan, at pagsuko sa mga lumang relihiyon. * Ang pagsuko ay maaaring mangahulugan at kinakailangan ding lumayo sa mga dating kaibigan at ilang komunidad at pagkakapatiran upang sumunod sa kalooban ng Dios at mamuhay sa kabanalan.

***II. Pagbibigay ng iyong buhay sa Dios at sa Kanyang Salita; “10 Sapagka't tayo'y kaniyang gawa, na nilalang kay Cristo Jesus para sa mabubuting gawa, na mga inihanda ng Dios nang una upang siya nating lakaran.” (Epeso 2:10 KJV)*** Nang tinawag tayo ng Dios, inihanda Niya ang mabubuting gawa para sa atin upang gawin, kaya kailangan nating ialay ang ating buhay at katawan nang lubos sa Dios. ***“13 At huwag din naman ninyong ihandog ang inyong mga sangkap sa kasalanan na pinaka kasangkapan ng kalikuan; kundi ihandog ninyo ang inyong sarili sa Dios, na tulad sa nangabuhay sa mga patay, at ang inyong mga sangkap na pinaka kasangkapan ng katuwiran sa Dios.” (Roma 6:13 KJV)***

Ang tanong dito ay karapat-dapat ba na ialay natin ang ating buhay para kay Cristo? O sa ibang salita, ang pagsuko sa mga nabanggit na bagay at ganap na paglilingkod sa Dios ba ay may gantimpala? ***“29 At sinabi niya sa kanila, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Walang taong nagiwan ng bahay, o asawang babae, o mga kapatid, o mga magulang o mga anak, dahil sa kaharian ng Dios, 30 Na di tatanggap ng makapupung higit sa panahong ito, at sa sanglibutang darating, ng walang hanggang buhay.” (Lucas 18:29-30 KJV)***

***Ano ang mga binhi na kailangan nating ihsik sa buhay na ito?***

***1. Ang ating buhay patotoo:*** Dapat maging mga patotoo ng Dios ang ating mga buhay. Habang binabasa natin ang buhay ni Jesus sa Bibliya, itinuturing natin ito bilang halimbawa sa pagsunod sa Dios. At habang binabasa natin ang mga salaysay ng mga taong sumusunod sa Dios sa Bibliya, natututo tayo ng mga aral kung paano sumunod sa Dios. Sa parehong paraan na sumusunod tayo kay Cristo, makikita tayo ng iba at sila rin ay magsisimulang sumunod kay Cristo; magiging mabuting halimbawa tayo para sa kanila at hamon din para sa kanila na sumunod sa Dios at lumakad sa Kanyang mga daan.

***2. Panalangin:*** Bawat panalangin ay isang makapangyarihang sandata; kailangan natin itong gawin nang patuloy. ***“17 Magsipanalangin kayong walang patid;” (1 Tesalonica 5:17 KJV)*** Hindi natin kailangang tumigil sa panalangin, gagabayan tayo ng Dios mula sa tagumpay patungo sa tagumpay habang nagtitiwala tayo sa

Kanya at patuloy na nananalangin. Bilang resulta ng ating mga panalangin, mas maraming kaluluwa ang makakatagpo kay Cristo, mas maraming alagad ang mabubuo, mas maraming may sakit ang gagaling, at mas maraming tao ang malaligtas mula sa mga demonyo at kapangyarihan ni Satanas. At ano pa ang kailangan mong gawin? ***"18 Sa lahat ng mga bagay ay magpasalamat kayo; sapagka't ito ang kalooban ng Dios kay Cristo tungkol sa inyo." (1 Tesalonica 5:18 KJV)*** Kailangan palagi tayong magpasalamat sa Dios at sa kung anong ibinigay Niya sa atin at sa kung ano ang hiniling Niya na gawin natin at paglingkuran Siya.

***3. Pagpapatawad:*** Hindi madaling magpatawad, pero bahagi iyon ng pagtatalaga ng ating buhay sa Dios. Ang paglimot at pag-iwan sa lahat ng sakit at pinsalang natanggap natin, na alam na ang ating laban ay hindi laban sa mga taong nakasakit sa atin kundi laban kay Satanas na dinaya sila para gawin iyon. Ang pagkilala at pagtanggap sa biyaya ng Dios sa atin na sa pagpapatawad sa iba, pinapatawad din ang ating mga kasalanan habang tayo'y nananalangin. ***"12 At ipatawad mo sa amin ang aming mga utang, gaya naman namin na nagpatawad sa mga may utang sa amin." (Mateo 6:12 KJV)***

***4. Pagbibigay ng ating ikapu, unang bunga at iba't ibang handog: "6 Datapuwa't sinasabi ko, Ang naghahasik ng bahagya na ay magaani namang bahagya na; at ang naghahasik na sagana ay magaani namang sagana." (2 Corinto 9:6 KJV)*** Anuman ang iyong ibinigay at inihasik mula sa pera para sa gawain ng Dios ito ay ibabalik sa iyo at mas maraming ani.

***5. Pagbibigay ng tulong at pag-aalaga sa iba:*** * May nag-alaga sa iyo at siya ay nakatanggap ng gantimpala, ngayon tinatawag ka ng Dios na mag-alaga sa iba at makakamtan mo rin ang iyong gantimpala. * Ang pag-aalaga ay maaaring gawin sa isa o higit pa sa mga sumusunod: Panalangin, pagbibigay ng tamang payo at mensahe mula sa Salita ng Dios, materyal na suporta, at pisikal na tulong.

***6. Evangelismo at paggawa ng mga alagad: "19 Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo: 20 Na ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo: at narito, ako'y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan." (Mateo 28:19-20 KJV)*** Tinawag tayo ng Dios na gamitin ang lahat ng ating yaman at lahat ng mga kaloob ng Banal na Espiritu upang maabot ang mga nawala, ipangaral sa kanila ang mensahe ng kaligtasan at gumawa ng mga bagong alagad mula sa mga naniniwala sa pamamagitan ng pagtuturo sa kanila ng Salita ng Dios at pagbibinyag sa kanila.

***"5 Sila na nagsisipaghasik na may luha ay magsisiani na may kagalakan. 6 Siyang lumalabas at umiiyak, na nagdadala ng binhing itatanim; siya'y di sasalang babalik na may kagalakan, na dala ang kaniyang mga tangkas." (Awit 126:5-6 KJV)*** Napag-usapan natin kanina at pinag-isipan kung bakit itinuturing na panahon ng kalungkutan ang panahon ng paghahasik at kung bakit lumalabas ang magsasaka sa panahon ng pagtatanim na may luha, at sinagot natin at sinabi, dahil inilaan ng magsasaka ang lahat ng mayroon siya para ihanda ang binhi. Inilaan niya ang lahat ng kanyang puhunan para dito at hindi niya alam kung ano ang magiging bunga ng lahat ng kanyang pagsusumikap at ang kita mula sa lahat ng ipinuhunang iyon. Dahil tiyak na may mga panahon ng problema at panghihina ng loob na darating sa kanyang daan at makakaapekto sa mga itinanim at dinilig ng magsasaka at malaki ang magiging epekto sa kanyang ani. * Gayundin, may mga pagkakataon na may mga pangyayari na darating sa ating daan at makakaapekto sa atin, magdudulot ng panghihina ng loob at kalungkutan, at gagawing malungkot ang proseso ng paghahasik ng ating buhay para kay Jesus. * Ngayon ay babasahin natin ang ilang mga Kasulatan at tatalakayin natin ang ilang mga punto na magbibigay ng lakas ng loob at mas mabuting pang-unawa, upang maipagpatuloy natin nang may pananampalataya at mas matinding sigla ang paglilingkod sa Dios.

***A. Mula sa Talinhaga ng maghahasik makukuha natin ang pampalakas ng loob: "3 At pinagsalitaan niya sila ng maraming mga bagay sa mga talinghaga, na sinasabi, Narito, ang manghahasik ay yumaon upang maghasik. 4 At sa paghahasik niya, ay nangahulog ang ilang binhi sa tabi ng daan, at dumating ang mga ibon at kinain nila; 5 At ang mga iba'y nangahulog sa mga batuhan, na doo'y walang sapat na lupa: at pagdaka'y sumibol, sapagka't hindi malalim ang lupa: 6 At pagsikat ng araw ay nangainitan; at dahil sa walang ugat, ay nangatuyo. 7 At ang mga iba'y nangahulog sa mga dawagan, at nagsilaki ang mga dawag, at ininis ang mga yaon. 8 At ang mga iba'y nangahulog sa mabuting lupa, at nangagbunga, ang ila'y tigisang daan, at ang ila'y tigaanim na pu, at ang ila'y tigtatatlongpu. 9 At ang may mga pakinig, ay makinig. 18 Pakinggan nga ninyo ang talinghaga tungkol sa manghahasik. 19 Kung ang sinoman ay nakikinig ng salita ng kaharian, at ito'y hindi niya napaguunawa, ay pinaroroonan ng masama, at inaagaw ang nahasik sa kaniyang puso. Ito yaong nahasik sa tabi ng daan. 20 At ang nahasik sa mga batuhan, ay yaong nakikinig ng salita, at pagdaka'y tinatanggap ito ng buong galak; 21 Gayon ma'y wala siyang ugat sa kaniyang sarili, kundi sangdaling tumatagal; at pagdating ng kapighatian o pag-uusig dahil sa salita, ay pagdaka'y natitisod siya. 22 At ang nahasik sa mga dawagan, ay yaong dumirinig ng salita; nguni't ang pagsusumakit na ukol sa sanglibutan, at ang daya ng mga kayamanan, ay siyang umiinis sa salita, at yao'y nagiging walang bunga. 23 At ang nahasik sa mabuting lupa, ay siyang dumirinig, at nakauunawa ng salita; na siyang katotohanang***

***nagbubunga, ang ila'y tigisang daan, ang ila'y tigaanim na pu, at ang ila'y tigtatatlongpu." (Mateo 13:5-9, 18-23 KJV)***

Mula sa talinhaga ng manghahasik makikita natin na ang binhi ay bumagsak sa apat na mga uri ng lupa. Ang ilang mga binhi ay nahulog sa tabi ng daan, ang iba naman ay nahulog sa mabatong lugar. May mga binhi rin na nahulog sa gitna ng mga tinik at ang iba ay nahulog sa mabuting lupa. Ang mga nahulog sa tabi ng daan, sila ang mga tao na kapag ibinigay natin sa kanila ang Salita ng Dios, ang masasama, ang diyablo, ang dumarating at kinukuha ang nito na itinanim sa kanilang puso. Ang mga binhing nahulog sa mabatong lugar ay yaong tumatanggap ng ating mensahe marahil nang may kagalakan ngunit kapag dumating ang mga pagsubok, problema, at pag-uusig dahil sa Salita ng Dios, ang mga tao ay susuko dahil wala silang ugat. Ang binhing nahulog sa gitna ng mga tinik ay yaong nakaririnig ng mensahe ngunit ang mga alalahanin, panlilinlang ng kayamanan, at pagnanasa sa iba pang bagay ang pumapasok at kinain ang Salita ng Dios at nakikita natin silang lumalayo sa Panginoon at namumuhay ayon sa kanilang sariling kagustuhan at ginagawa ang kanilang sariling kalooban. Sa unang tatlong uri ng tao, ibinibigay natin ang aming pinakamahusay upang maihatid ang Salita ng Dios sa kanila at paglingkuran sila, ngunit walang resulta mula sa kanilang buhay at ito'y nakapagpahina sa atin at nakakapagpahinang magpatuloy at maghasik pa. Ngunit hindi pa ito ang buong katotohanan. Mayroon pang ika-apat na uri ng tao kung saan ang binhi ay nahuhulog sa mabuting lupa at sila ang mga taong nakikinig sa Salita ng Dios, nauunawaan ito, isinasabuhay, at nagbubunga ng ani, at nakapagdudulot ng mas maraming kaluluwa sa Kaharian ng Dios. Kaya't ano man ang iyong pagsusumikap at pagpupunyagi na iyong ibinubuhos, huwag mong ituon ang pansin sa mga hindi tumutugon sa mensahe o hindi handang sumunod sa Dios ng maayos, kundi sa mga tumutugon at nagbubunga, na nagbalik at nagpunan ng mga nawala sa iyo.

***B. Mula sa Salita ni Jesus makukuha natin ang pampalakas ng loob: "38 Kayo'y sinugo ko upang anihin ang hindi ninyo pinagpagalan: iba ang nangagpagal, at kayo'y siyang nagsipasok sa kanilang pinagpagalan." (Juan 4:38 KJV)*** May mga panahon na masipag tayong magtrabaho upang makamit ang ilang bagay, ngunit may ibang tao na nakikinabang sa ating pagsisikap. * Maaaring magdulot ito ng panghihina ng loob. Ngunit maraming pagkakataon din na nakinabang tayo sa pinaghirapang pagsisikap ng iba. * Kaya kahit na ako ay naglilingkod at nagsusumikap, at ang ilan sa aking paggawa ay nakinabang sa ibang mananampalataya, ayos lang at katanggap-tanggap ito dahil ito ay gawa ng Dios. Dapat ko itong tanggapin nang may kagalakan, at sa huli, ito ay gawa ng Dios at para sa kaluwalhatian ng Dios. * Sa parehong paraan, maaari rin akong pagpalain ng isang bagay na wala man lang patak ng pawis; ito ay magpupuno sa aking ginawa at sa pagpapala ng iba. * Kaya huwag panghinaan ng loob kung may ibang nakinabang sa iyong pagsusumikap, at huwag magpasya na hindi na maglilingkod pa dahil hindi mo direkta nakukuha ang bunga ng iyong pagtatrabaho.

***C. Mula sa mga sulat ni Pablo makukuha natin ang pampalakas ng loob: "5 Ano nga si Apolos? at Ano si Pablo? Mga ministro na sa pamamagitan nila ay nagsisampalataya kayo; at sa bawa't isa ayon sa ipinagkaloob ng PANGINOON sa kaniya. 6 Ako ang nagtanim, si Apolos ang nagdilig; nguni't ang Dios ang siyang nagpalago. 7 Ano pa't walang anoman ang nagtatanim, ni ang nagdidilig; kundi ang Dios na nagpapalago. 8 Ngayon ang nagtatanim at ang nagdidilig ay iisa: nguni't ang bawa't isa ay tatanggap ng kaniyang sariling kagantihan ayon sa kaniyang sariling pagpapagal. 9 Sapagka't tayo ay mga kamanggagawa ng Dios: kayo ang bukid ng Dios, ang gusali ng Dios." (1 Corinto 3:5-9 KJV)*** Kumikilos tayo para sa Dios at bawat isa ay may itinalagang tanging gawain na kailangan niyang gawin at makamit para sa Panginoon. Ang iba ay nagtatanim ng binhi, ang iba ay magdidilig nito, at ang iba ay mag-aani, ngunit ang gantimpala mula sa Dios ay nakadepende sa ating pagsisikap at hindi sa gaano karami ang ating naani. Kaya kung ikaw ay nawawalan ng pag-asa at ayaw gawin ang bahagi mo sa gawain ng Dios, paano ka mamumunuan o gagantimpalaan ng Dios?!!

***Sa aking Mahal at Minamahal: "58 Kaya nga, mga kapatid kong minamahal, kayo'y magsitatag, huwag makilos, na laging sumasagana sa gawa ng Panginoon, yamang nalalaman ninyo na hindi walang kabuluhan ang inyong gawa sa Panginoon." (1 Corinto 15:58 KJV)*** * Kailangan mong isapuso ang mensahe ng Panginoon at ilaan ang iyong buhay nang lubos sa Dios at maghasik ng mabuting binhi sa buhay na ito. * Ang mamuhay para kay Cristo sa pamamagitan ng pagsuko sa maraming bagay sa mundo at pagbibigay ng buong buhay para sa Kanya ay isang dakilang sakripisyo at pagdurusa ngunit ikaw ay gagantimpalaan para dito. * Maaaring tayo ay nagluluksa ngayon sa lupa ngunit tayo rin ay aaliwin, ***"4 Mapapalad ang nangahahapis: sapagka't sila'y aaliwin." (Mateo 5:4 KJV)*** Gagantimpalaan tayo ng Dios sa bawat pagsisikap na ginawa natin para sa Kanya. ***"7 Nguni't mangagpakalakas kayo, at huwag manglata ang inyong mga kamay; sapagka't ang inyong mga gawa ay gagantihin." (2 Cronica 15:7 KJV)*** Hinihikayat tayo ng Salita ng Dios na magpatuloy at ipagpatuloy ang pagtatanim sa paggawa ng mabubuting gawa ng Dios at huwag sumuko dahil may dakilang gantimpala na naghihintay sa atin kung hindi tayo titigil. Manalangin tayo … .

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako'y lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalnana at nabuhay na maguli sa mga patay noong ikatlong araw upang bigyan ako na buhay na*

*walang hanggan. Panginoon salamat po sa iyong Salita na nagturo sa akin kung paano maghasik ng mabuting binhi at kung paano isabuhay ang aking buhay para sa iyo, at kung paano maging epektibo sa aking paglilingkod at ministeryo para sa iyo. Panginoon, salamat po sa iba't ibang mga yaman na inilagay mo sa aking kamay at sa mga pagkakataong ipinagkaloob mo sa akin upang maglingkod sa iyo. Panginoon, salamat sa lahat ng mga aral, mga pagtutuwid, mga pagsaway, at mga payo na aming natanggap sa mensaheng ito.*

*Ngayon ay lumapit sa Dios at ipagtapat at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan at ipangako ang iyong sarili upang paglingkuran Siya. Ihayag at talikuran ang lahat ng mga gawa ng laman sa iyong buhay; pagsisinungaling, panlilinlang, pandaraya, pagnanakaw, pang-aabuso, pagsasamantala, pagtatalo, galit, poot, pagkamuhi, paghihiganti, hindi pagpapatawad, sama ng loob at kapaitan, pagkakawatak-watak, kayabangan, pagiging makasarili, kawalan ng pakialam sa kapwa, paninibugho, selos, pagpatay, pagnanasa, mga imoralidad, kasakiman, kawalan ng katarungan, katiwalian, pagiging makamundo, at ang iyong pagmamahal sa pera at mga materyal na bagay. Ihayag at talikuran ang iyong kawalan ng kagustuhang isuko ang iyong mga lumang tradisyonal, relihiyoso at kultural na gawi na sumasalungat sa Salita ng Dios. Ihayag at talikuran ang iyong takot sa tao at ang iyong kawalang-hangang pumasan sa pag-uusig. Ihayag at talikuran ang iyong kakulangan sa pananampalataya at ang mga pagdududa sa iyong isipan. Ihayag at talikuran ang iyong kakulangan ng pagtitiwala sa Dios. Ihayag at talikuran ang iyong pagiging walang pasasalamat, ang iyong pagrereklamo at pagbulong-bulong. Ihayag at talikuran sa paggawa mo ayon sa iyong sariling kagustuhan at plano at hindi sa kalooban ng Dios at Kanyang plano sa iyong buhay. Ihayag at talikuran ang iyong kakulangan sa pagbabasa ng Salita ng Dios at buhay pananalangin. Ihayag at itakwil ang iyong pakikisama sa mga hindi naniniwala, sa mga kaibigan, at sa pagkaalipin sa Media, Balita at mga laro. Ihayag at itakwil ang iyong maling pamamahala, pagsasayang ng iyong mga yaman, kakulangan sa ikapu at pagbibigay sa Dios. Ihayag at itakwil ang iyong hindi kagustuhang maglingkod sa Dios sa pamamagitan ng pag-aalaga sa iba at pagtulong sa kanilang mga suliranin. Ihayag at itakwil ang iyong katamaran, pagkakampante, maling halimbawa at hindi kagustuhang maglingkod sa Dios at magdusa para sa Kanya. Ihayag at itakwil ang iyong hindi kagustuhang magpatawad sa mga nakasakit sa iyo. Ihayag at itakwil ang iyong masamang patotoo at hindi kagustuhang mangaral at gumawa ng mga alagad. Panginoon patawarin mo ako, nagsisisi ako sa mga sumusunod na kasalanan ________________________.*

*Panginoon Ipinapangako ko ang aking sarili na paglingkuran ka at ituon ang aking mga mata sa iyo at sa iyong Salita at mga pangako. Panginoon, iniaalay ko ang aking buhay upang mabuhay para sa iyo nang buong puso at upang maghasik ng mabuting binhi sa buhay na ito. Panginoon, isinusuko at tinitigil ko ang mga sumusunod na bagay _______________________.*

*Panginoon, ipinapangako ko ang aking sarili sa nilalaman ng mensahe sa paggawa ng sinasabi nito. Panginoon, handa akong umusad upang gawin ang mabubuting gawa na inihanda mo para sa akin. Panginoon, ipinapangako ko na hindi ako madidismaya at hindi susuko. Panginoon, tulungan mo ako, palakasin at protektahan sa lahat ng pagsubok at iligtas ako mula sa masama upang maipagpatuloy ko ang paglilingkod sa iyo, nagtitiwala na gantimpalaan mo ako sa lahat ng aking paggawa para sa iyo, ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoon dalangin ko sa aking mga Kapatid na lalaki at babae na nagsisi at inialay ang kanilang buhay upang mabuhay para sa iyo at maglingkod sa iyo. Panginoon, dalangin ko na magkaroon sila ng higit pang pananampalataya at tiwala sa iyo na anumang kanilang gagawin sa paglilingkod at paggawa, sila ay gantimpalaan mo. Panginoon, patuloy mo silang palakasin at hikayatin upang sila ay mabago ng iyong kamay, upang lumabas at gawin ang iyong gawain at maging mabunga at tapat sa kung ano ang iyong ipinagkatiwala sa kanila. Panginoon, ingatan mo sila, tugunan ang kanilang pangangailangan, at pagkalooban sila ng mabuting kalusugan at lakas upang maisakatuparan ang kanilang ministeryo at ang mga gawain na iyong ipinagkatiwala sa kanila.*

*Panginoon Ako'y nananalangin para sa amin bilang isang Simbahan ng Dios na patuloy kaming maging tapat sa iyo; na paglingkuran ka nang buong puso at gamitin ang lahat ng mga yaman nang mabunga at sulitin ang lahat ng mga pagkakataon upang dalhin ang ani sa iyo. Panginoon, iniaalay namin ang aming mga sarili na patuloy na turuan ang iyong bayan na maging mabuting katiwala, at gabayan sila ayon sa iyong Salita, kalooban, at mga plano para sa kanila. Panginoon, nananalangin ako para sa mas maraming evangelismo at mas maraming pag-aaral ng Biblia at pagtatanim ng mga kongregasyon, at para sa mas maraming manggagawa na maturuan. Panginoon, puspusin mo kaming muli ng Banal na Espiritu at pagkalooban kami ng mga espirituwal na kaloob upang patuloy ka naming paglingkuran. Panginoon, nananalangin kami para sa mas maraming tao na mabautismuhan sa tubig at tumanggap ng bautismo ng Banal na Espiritu. Panginoon, ihanda mo kami para sa iyong pagdating upang sumama sa iyo kapag dumating ka upang kunin kami. Panginoon, pagpalain mo kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag-ibig ng Dios at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaatin lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com